Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14

## SMALL GROUP SESSIONS

Pebrero 6-12, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship

# Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14

## Take Home Principle




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON




# Mga Bilang 20: 1-13

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

## Ang Bukal Mula sa Malaking Bato

1 Nang unang buwan, nakarating ang buong
sambayanan ng Israel sa ilang ng Zin at
nagkampo sila sa Kades. Doon namatay at
inilibing si Miriam.


2 Wala silang makuhang tubig doon, kaya
nagpulong sila laban kina Moises at Aaron.
3 Sinabi nila, “Mabuti pa'y namatay na kami
sa harap ng Tolda ni Yahweh kasama ng iba
naming mga kapatid.



# Mga Bilang 20: 1-13

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


**4** Bakit pa ninyo kami dinala rito? Upang
patayin ba kasama ng aming mga alagang
hayop? **5** Bakit ninyo kami inilabas sa Egipto
at dinala sa disyertong ito na wala kahit
isang butil na pagkain, igos, ubas o bunga
ng punong granada! Wala man lang tubig
na mainom!" **6** Nagpunta sina Moises at
Aaron sa may pintuan ng Toldang Tipanan
at nagpatirapa roon. Nagningning sa kanila
ang kaluwalhatian ni Yahweh.



# Mga Bilang 20: 1-13

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


**7** Sinabi ni Yahweh kay Moises, **8** “Dalhin mo
ang tungkod na nasa harap ng Kaban ng
Tipan at isama ninyo ni Aaron ang buong
bayan sa harap ng malaking bato.
Pagdating doon, magsalita ka sa bato at
lalabas ang tubig para sa taong-bayan at
sa kanilang mga alagang hayop.” **9** Kinuha
nga ni Moises ang tungkod mula sa Kaban
ng Tipan.



# Mga Bilang 20: 1-13

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

**10** Tinipon nina Moises at Aaron sa harap ng
malaking bato ang buong bayan. Sinabi
niya, “Makinig kayo, mga mapanghimagsik.
Gusto ba ninyong magpabukal pa kami ng
tubig mula sa batong ito?” **11** Pagkasabi
noon, dalawang ulit na pinalo ni Moises ang
bato sa pamamagitan ng tungkod. Biglang
bumukal ang masaganang tubig at
nakainom ang mga tao pati ang kanilang
mga alagang hayop.




# Mga Bilang 20: 1-13

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

**12** Ngunit pinagsabihan ni Yahweh sina
Moises at Aaron. Sabi niya, "Dahil kulang ang
inyong pananalig sa akin na maipapakita ko
sa mga Israelita na ako'y banal, hindi kayo
ang magdadala sa bayang ito sa lupaing
ibibigay ko sa kanila."

**13** Nangyari ito sa bukal ng Meriba, kung
saan nagreklamo ang Israel laban kay
Yahweh at ipinakita niya na siya ay banal.




# Mga Bilang 27:12-14

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

## Ang Pagpili kay Josue Bilang Kahalili ni Moises

**12** Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Umakyat ka
sa Bundok ng Abarim at tanawin mo ang
lupaing ibibigay ko sa mga Israelita.
**13** Pagkatapos, mamamatay ka na.
Makakapiling mo na ang iyong mga
yumaong magulang, tulad ng nangyari kay
Aaron na iyong kapatid.



# Mga Bilang 27:12-14

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

**14** Sumuway ka rin sa akin sa ilang ng Zin
nang maghimagsik sa akin ang buong
sambayanan doon sa Meriba. Hindi mo
pinakita sa mga Israelita doon sa may bukal
na ako ay banal." (Ito ang bukal doon sa
Meriba sa Kades na nasa ilang ng Zin.)

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

*"Ihahayag ko sa aking mga kilos at gawa ang Kabanalan ng Diyos, lalong higit sa aking mga pinangungunahan."*



# QUESTION 1

## Saan at kailan naganap ang ulat sa kabanatang 20, unang talata?

**Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14**

DISCOVERY
QUESTIONS

# QUESTION 2

Ano ang suliraning kinaharap ng Israel at paano ito hinarap ni Moses at Aaron bilang kanilang mga pinuno? v.2-6

**Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14**

DISCOVERY QUESTIONS

# QUESTION 3

Paano nalutas ang suliranin? Naaayon ba ito sa mga tagubilin ng Diyos? v. 9-11

**Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14**

DISCOVERY QUESTIONS

# QUESTION 1

Bakit mahalagang makinig ng mabuti sa Panginoon sa ating mga pakikiniig sa Kanya? v.7-8

Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14

## UNDERSTANDING QUESTIONS

# QUESTION 2

Maituturing bang malupit ang tugon ng Diyos sa pagkakamali ni Moises gayung sumunod naman siya? Bakit mahalaga sa Diyos ang kaniyang ganap na pagsunod?

**Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14**

# UNDERSTANDING QUESTIONS

# QUESTION 3

**Bakit hindi pinayagan ng Diyos si Moises, Aaron at buong kapulungan ng Israel na makapasok sa lupang pangako? (Numbers 20:12/Numbers 14:20-24)**


Pansinin na sa Kabanatang 14:20-24, si Caleb, Joshua ant kanilang mga angkan lamang ang pinayagan ng Diyos na makapasok sa lupang pangako.

**Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14**

UNDERSTANDING QUESTIONS

# QUESTION 1

Kung ikaw ay nasa kalagayan ni Moises, pareho din ba ang iyong tugon? Naranasan mo na bang makatanggap ng malinaw na tugon mula sa Diyos na hindi mo sinunod ayon sa Kanyang kalooban? Ano ang naging kinahinatnan nito?




**Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14**

## APPLICATION QUESTIONS

# QUESTION 2

Ang bigat ng responsibilidad ng isang pinuno ay makapanghihina at maaaring magdulot ng kabiguan na makaapekto sa marami.Upang maihayag ang Kabanalan ng Diyos, ano ang maaari mong gawin (sa trabaho, sa bahay, sa komunidad o sa simbahan) upang matulungan ang iyong pinuno upang maisakatuparan ang kanyang tungkulin na iniatas ng Diyos?



**Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14**

# APPLICATION QUESTIONS

# Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14

## Take Home Principle

**DISCOVERY**
QUESTIONS

**UNDERSTANDING**
QUESTIONS

**APPLICATION**
QUESTIONS

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

*"Ihahayag ko sa aking mga kilos at gawa ang Kabanalan ng Diyos, lalong higit sa aking mga pinangungunahan."*



Small Group Sessions

# PANGWAKAS NA PANALANGIN



Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

Mga Bilang 20: 1-13, 27:12-14

## SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK!

# KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584